10 paraan para MAGHANDA

1. **Gumawa ng emergency kit, ngayon!** Kung mayroon ka nang emergency kit, regular itong suriin.
2. **Suriin ang sasakyan mo.** Siguraduhing makapal pa ang tread ng mga gulong ng sasakyan mo at gumagana nang maayos ang mga wiper sa windshield mo. Dapat laging nakabukas ang mga headlight mo kapag umuulan.
3. **Suriin ang bahay mo.** Linisin ang mga kanal at alulod mo sa labas at alisin ang anumang dahon, dumi, o debris. Itabi nang maayos ang mga basurahan, lalagyan ng recycling, at anumang iba pang mga bagay na maaaring tangayin o lumutang. Ipasuri sa isang arborist ang mga mahina nang puno.
4. **May insurance ka ba para sa baha?** Isaalang-alang ang pagbili ng insurance para sa baha. Tandaan, karamihan sa mga polisiya sa baha ay may 30-araw na panahon ng paghihintay.
5. **Gumamit ng mga sako ng buhangin.** Gumamit ng mga sako ng buhangin para makatulong na protektahan ang tahanan at ari-arian mo bago dumating ang isang bagyo.
6. **Huwag ilagay sa panganib ang buhay mo.** Manatiling may alam. Subaybayan ang mga balita at ulat ng panahon at i-follow ang @ReadyLACounty sa social media para sa mga karagdagang balita.
7. **Pigilan ang polusyon sa tubig-ulan.** Dinadala ng ulan ang lahat ng bagay papunta sa mga storm drain na patungo sa ating mga ilog at karagatan. Siguraduhing mahigpit ang pagkakasara ng mga mapanganib na basura sa bahay gamit ang mga takip na mahigpit ang pagkakasuot at itago ang mga ito sa mga lugar na may takip.
8. **Mga Alerto sa Emerhensya.** Tumanggap ng mga abiso sa mobile phone o email mo. Magparehistro sa alert.lacounty.gov, o hanapin lang ang “Alert LA County” sa web.
9. **I-download ang The Works**. LIBRENG app ng LA County para sa iPhone at Android, para iulat ang mga problemang may kaugnayan sa bagyo.
10. **Maghanda bago ang bagyo.** Para sa karagdagang mga tip kung paano maghanda para sa isang bagyo, bisitahin ang lacounty.gov/LARain o i-scan ang QR Code

Ready LA County

Para sa mga tip sa paghahanda sa bagyo:
ready.lacounty.gov

Iba pang mga Mapagkukunan

LA County Fire Department
fire.lacounty.gov

LA County Public Health
ph.lacounty.gov

LA County Sheriff
sheriff.lacounty.gov

Flood, Debris and Erosion Control
lacounty.pw/homeowners-guide

Beaches and Harbors
beaches.lacounty.gov

Public Works Dispatch Center
Tumawag sa (800) 675-HELP (4357) para iulat ang mga agarang isyu sa mga lugar na hindi sakop ng lungsod.

Southern California Edison
sce.com

I-follow kami sa X

@CountyofLA
@LASDHQ
@ReadyLACounty
@LACoFDPIO
@LAPublicHealth
@LACoPublicWorks

#LARain

PANAHON NG BAGYO

Ngayon na ang oras para maghanda.



lacounty.gov/LARain

Ang panganib ng MUDSLIDE

Nagdudulot ang mga bagyo sa taglamig ng panganib ng pagdaloy ng putik at debris sa matatarik na bahagi ng mga burol, lalo na sa mga slope na apektado ng mga kamakailang wildfire. Ang pagiging handa ang pinakamahusay mong depensa. Alamin ang mga salik sa panganib ng ari-arian mo. Linisin ang mga daanan ng drainage. Gumamit ng mga sako ng buhangin upang idirekta ang agos ng tubig at protektahan ang mga istruktura.

Ang mga lugar na tinamaan ng wildfire ay may mga natatanging panganib. Hindi lamang sinisira ng apoy ang mga halamang nagpapanatili sa lupa sa lugar nito, ang matinding init ay maaari ring makaapekto sa lupa mismo at mahadlangan ang pagsipsip ng tubig. Maaaring rumagasa pababa ang ulan, putik, mga sanga at iba pang debris sa mga burol sa panahon ng bagyo at magdulot ng panganib sa buhay at ari-arian. Huwag kang maging hindi handa.

Para sa higit pang mga tip kung paano protektahan ang tahanan mo, bisitahin ang: lacounty.pw/homeowners-guide

Ready LA County

ALERT LA COUNTY

Magparehistro sa Ready LA County para makatanggap ng mga abiso tungkol sa emergency sa mobile phone at email mo sa alert.lacounty.gov

Sinusuportahan ng Ready LA County ang mga komunikasyon sa TTY/TDD.

I-download ang libreng app ng County na ***The Works***, para sa iPhone at Android, upang mag-ulat ng mga problemang may kaugnayan sa bagyo o makatanggap ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo at kaganapan ng County. I-scan ang QR code o bisitahin ang pw.lacounty.gov/theworks



Gumawa ng emergency kit na naglalaman ng mga sumusunod na bagay:

- ✓ Pagkain at tubig na tatagal ng tatlong araw hanggang isang linggo. Huwag kalimutan ang mga alagang hayop
- ✓ First-aid kit
- ✓ Mga flashlight (at mga ekstrang baterya)
- ✓ Radyo (at mga ekstrang baterya)
- ✓ Mga gamot (over-the-counter at inirereseta)
- ✓ Pera at mahahalagang dokumento
- ✓ Damit at matibay na sapatos
- ✓ Mga tool (wrench, duct tape, fire extinguisher, matibay na guwantes, pito)
- ✓ Mga suplay para sa sanitasyon at kalinisan

I-download ang Gabay sa Kaligtasan sa Panahon ng Emergency ng County at gamitin ito upang mapanatiling ligtas ang buong pamilya—kabilang ang mga alagang hayop.

lacounty.gov/emergency/emergency-survival-guide/

Alamin kung paano makakuha ng impormasyon at tulong

Pagsasara ng mga Kalsada

I-bookmark ang website ng Public Works na tungkol sa mga pagsasara ng kalsada para sa mabilis na sanggunian.
pw.lacounty.gov/roadclosures

Mga sako ng buhangin

Kumuha ng mga sako ng buhangin mula sa mga itinalagang lokasyon at idirekta ang daloy ng tubig patungo sa mga kalye.
pw.lacounty.gov/dsg/sandbags

Mga kondisyon ng panahon

Sumangguni sa National Weather Service para sa mga babala tungkol sa bagyo.
weather.gov/lox

Kaligtasan ng mga puno

Tumawag sa **(800) 675-HELP (4357)** kung makakita ka ng parkway/median tree na naapektuhan ng tagtuyot sa mga lugar na hindi sakop ng county.

Insurance para sa Baha

Bisitahin ang National Flood Insurance Program at iba pang mga mapagkukunang may kaugnayan sa baha.
floodsmart.gov

Public Works Dispatch

Tumawag sa **(800) 675-HELP (4357)**
para mag-ulat ng mga problema at panganib sa mga lugar na hindi sakop ng LA County.

Mga Kondisyon ng Dalampasigan at Daungan

Maaaring humantong ang malakas na pag-ulan sa mas mataas na antas ng bakterya sa karagatan. Kunin ang pinakabagong impormasyon sa pamamagitan ng pagtawag sa **(800) 525-5662** o pagbisita sa website ng Pampublikong Kalusugan: ph.lacounty.gov. Bisitahin ang beaches.lacounty.govpara sa iba pang impormasyon tungkol sa dalampasigan at daungan.